

Chapter One



Mahirap ang hindi ma-intimidate kapag kaharap ang isang katulad ni Dominic Cuevas. May lalaking cute, may guwapo, may gorgeous, at may kayang magprito ng brain cells ng mga babae. Sa huling kategorya nabibilang ang lalaking nasa harapan ni Emma.

“Hotel and Restaurant Management ang course mo.”

Oh my God. Gusto niyang kunin ang kanyang phone at i-record ang boses nito. Na siyempre ay pinigilan niyang gawin. “Opo, Sir.”

Muli nitong hinagod ng tingin ang kanyang resume, at muli ay nahiling ni Emma na sana ay mas marami siyang work experience.

“Hindi ka naka-graduate. Pero nakapagtrabaho ka na as office assistant for eight years.”

“Opo, Sir.”

“You’re overqualified for this job. Sigurado ka ba na tama ang ina-apply-an mo?” Pinukulan siya nito ng titig na kayang magpatumba sa machong bouncer na kapit-bahay nila.

Muntikan na siyang umiyak. She couldn’t help it. Emosyonal talaga siya nitong mga nakaraang araw. Pero siguro ay normal lang iyon. Hindi lang

kasi sampu ang failed job interviews niya sa loob ng nagdaang anim na buwan.

“Kailangan ko po ’yung trabaho.”

Kung napansin ng lalaki na parang naging chipmunks ang boses niya sa emosyon, hindi nito ipinahalata. Nanatiling tuwid ang titig nito. Tila inukit sa malagintong bato ang matigas nitong mga pisngi, ang maanggulo nitong panga at ang nakatiim nitong mga labi. Criminal offense yata sa lalaki ang pagngiti.

“Ba’t mo naisipang mag-apply na nanny? Siguradong maraming trabaho na puwede kang makuha.”

Sir, wala na! gusto niyang ihagulgol dito. Pero pinigil niya ang sarili. Desperada na si Emma, pero hindi na nito kailangang malaman iyon.

“Hindi ako naka-graduate, Sir. Kahit may work experience ako, malaking bagay na wala akong diploma. Nakadagdag pa na ’yung kompanyang pinagtrabahuhan ko, eh, nasangkot sa real estate scam.”

“Yung double-sale scam na sumabog early this year?”

Tumango siya. “Yes, Sir. Kapag nalalaman ng mga ina-apply-an ko na naging assistant ako ng isang VP ng *Delta Lands*, nag-iiba na po ang ihip ng hangin.”

“Executive ang position mo kahit hindi ka

graduate?”

“Nagpa-part-time na kasi ako d’un, Sir, kahit n’ung nag-aaral pa ’ko. Clerical position lang n’ung una. ’Tapos n’ung huminto po ako, kinuha nila akong full time. Hindi po masyadong strict sa requirements ’yung mga supervisors kaya umakyat ako ng position kahit hindi ako graduate.”

“Ba’t hindi ka naka-graduate?”

Mekanikal na lumabas ang mga sagot. Sa loob ng anim na buwan, parang sirang CD na ang tanong na iyon sa kanya ng mga interviewers.

“Nagkasakit po ang Papa ko at kinailangan po niyang huminto sa trabaho. Kaingan ko pong huminto sa college at magtrabaho na rin.” At dahil alam niyang tatanungin ni Dominic ang mga detalye, derecha na niyang ibinigay. “Kargador po sa pier ’yung Papa ko n’un. Nagkasakit po siya sa kidney at nalaman po naming diabetic din siya. May heart problem din po siya. Hindi po kritikal ’yung lagay niya pero kailangang i-monitor. Hindi na siya p’wede sa mabibigat na trabaho. Nagtinda na lang po siya at tinulungan sa pagluluto ng ulam ang Mama ko pagkatapos po naming malaman ’yung sakit niya.”

Tumango, pero walang binigay na clue ang movie-star gorgeous face ni Dominic Cuevas.

“Kapatid?”

“Isa lang po. Bata po siya sa ’kin ng five years.

Nasa last year po siya ng masters niya ngayong taon. Chemical Engineering ang undergrad course niya at Industrial Engineering po ang masters niya.”

Muli, walang bahid ng emosyon ang mala-diyos nitong mukha. “Kapit-bahay n’yo si Manang Linda?”

“Yes, Sir, matagal na po.”

“May experience ka sa pag-aalaga ng bata?”

Natukso siyang magsinungaling nang mga kalahating segundo, pero maagap siyang umiling. Sigurado siyang malalaman din nitong nagsisinungaling siya kapag nakita nitong natataranta siya sa pagpapatahan sa anak nito.

“Wala po, Sir.”

Tumango ulit ito, sumulyap sa suot na wristwatch. “Nasabi na sa ’yo ni Manang Linda ang mga gagawin? Hindi ka kasambahay, hindi mo trabaho ang maglinis ng bahay o maghugas o magluto, si Nelly iyon. Si Carlie ang trabaho mo. No visitors. You have a regular day-off, Sunday. You have Carlie’s schedule?”

“Yes, Sir.”

“Good, I’ll—” Tumunog ang cell phone nito. Sinulyapan iyon ng lalaki at tumayo. “Sandali lang, may kukunin lang ako sa kabilang kuwarto.”

Pigil-hininga niyang pinanood na lumabas ng silid ang lalaki. He was built like an athlete. Broad shoulders, lean muscles, powerful thighs—corporate clothes couldn’t hide the primal sexuality of

Dominic's body. Ipinilig niya ang ulo at pasimpleng tinapik ang sarili.

Inutusan niya ang sariling huminga nang malalim at sumandal sa likod ng upuan. Okay, she supposed tanggap na siya? Oh, God, please. Kailangan niya talaga ang trabaho. Mahigit anim na buwan na siyang walang income. Ayaw niyang masayang ang mga naihulog na niyang bayad sa bahay nila. Kapag di pa siya natanggap dito, magdi-dishwasher na siya.

Narinig ni Emma ang pagbukas ng pinto at parang sundalong tumuwid ang likod niya. Hinintay niya ang pagpasok ulit ng lalaki sa opisina, pero matapos ang halos labinlimang segundo ay wala pa ring drop dead gorgeous Dominic na pumasok. Pigil-hiningang nilingon niya ang pinto at napasinghap siya. Hindi niya mapigil. May anghel na nakasiksik sa tabi ng pinto.

Kagat-kagat ng maliit na anghel ang mapulang labi nito. Tila tsokolateng sinabuyan ng pula at ginintuang liwanag ng araw ang kulot na buhok nito. Parang gatas na may bahid ng strawberry ang balat ng munting nilalang ng langit. At ang mga mata nitong bilugan ay napapalibutan ng malantik at makapal na pilikmata. Parang may nakikita pa siyang halo sa ibabaw ng golden brown hair nito. Yakap-yakap nito ang isang pink teddy bear, katerno ng kulay rosas na bestida nito.

Ano ba ang greetings sa mga anghel? “Hi?”

Nagtago ito sa likod ng pinto, parang nagambalang isda na nagkubli sa likod ng mga bato. Pero sumilip ulit ito, parang ulo ng pagong na lumabas ulit sa shell nito.

To state the obvious, si Carlie Luissa Cuevas ang bata, ang magtatatlong taong gulang na anak ni Dominic Cuevas. Hindi pa siya nakakita ng picture ni Carlie, pero positibo siyang ito ang batang aalagaan niya. Unless anghel nga ito at napagpasyahang dalawin siya sa kanyang job interview.

“Hello, Carlie.”

Nanatili itong nakakagat-labi, pero marahan itong tumango. Dapat yata ay nagdala siya ng candies at chocolates, pero siguro hindi rin tamang ialok niya iyon sa bata kung may dala man siya. Wala pang alas siete ng umaga at baka hindi pa ito nag-aalmusal. Anak ng tinapay. Wala talaga siyang experience sa mga bata. Ano ba ang dapat niyang gawin?

She's so beautiful...

Hinalungkat ni Emma ang bag at muntikan pang mapa-*Aha!* nang mahagilap ang suklay at tali sa loob. Itinaas niya ang mga iyon para ipakita sa bata.

“Gusto mong itali natin 'yung buhok mo?”

Namilog ang mga mata ng bata sa kanyang glittery pink na suklay at tali. She couldn't help it, she liked pink. Lumipat ang tingin nito sa kanya,

and the hopeful look in the child's face made her chest tighten.

Her smile turned gentle. "Come, itirintas natin 'yung buhok mo."

Nanatali itong walang imik, pero unti-unti itong naglakad palapit sa kanya. Muntik na siyang mapa-*aww* nang makita ang suot nitong pink bunny slippers. Huminto si Carlie sa tapat niya at itinaas ang bilugang mga mata sa kanya.

Alangan siyang ngumiti sa bata. "Itirintas natin?"

Tumango ito at hinawakan ang pink niyang suklay. Ang liit ng kamay nito, mala-rosas, parang sa manika.

"Pink," anang bata sa matinis nitong tinig. Tumalikod ito sa kanya para iharap ang kulot na buhok nito.

Maingat na sinuklay ni Emma ang malambot nitong buhok. Nag-aayusan sila ng buhok ng kapatid niya noon. Straight ang buhok niya at ni Eunice at hindi kasing-ganda ng kay Carlie. Pero kulot o hindi, hindi rocket science ang pagtitirintas ng buhok. Hindi niya napigil ang sariling ibaon ang mukha sandali sa buhok nito at amuyin iyon. The little girl smelled like heaven.

"Ang bango mo." Para siyang kinilig na butiki.

Lumingon ang bata at naroon pa rin ang hopeful look sa mga mata nito. Pagkatapos ay itinaas nito ang isang kamay para hawakan ang kanyang pisngi.

Oh, she's so sweet.

Hindi niya napigil ang yakapin ito. Pero agad din siyang bumitiw sa takot na ma-weird-uhan sa kanya ang paslit.

“Sorry, Carlie, na-excite lang.” Sinimulan niyang suklayin ang mala-sedang hibla ng buhok ng bata.

“Parang sa manika ’tong buhok mo.”

Lumingon ito sa kanya at itinaas ang teddy bear.

Nakangiti siyang umiling. “No, hindi ganyan sa teddy bear. May doll dati ’yung kapatid ko, kamukha mo.”

Umawang ang mga labi nito pero walang lumabas na tinig nang mapatingin ito sa bandang likuran niya. For a moment, akala niya ay tatakbo ito para dambahin ang kung anong nasa likod niya. Pero nanatiling nakapako ang naka-bunny slippers na mga paa ng bata sa sahig kahit tila gusto nitong tumalon papunta sa pinto.

Lumingon siya para tingnan kung ano ang nakita nito. Nakatayo pala si Dominic Cuevas sa pintuan, blangko ang mga mata at pormal ang mala-fallen angel na mukhang nakatitig sa kanila.

Nanigas ang mga daliri niya sa buhok ni Carlie. “Ah, Sir—”

Pumasok ito at dumerecho sa likuran ng desk. Inilapag nito sa mesa ang ilang folders na hawak nito.

“Dala mo na ba ang mga gamit mo?” May kinuha

itong briefcase sa ilalim ng desk at ipinasok doon ang mga folders.

“Ah, yes, Sir.”

“Minimum ang bayad sa ’yo, huhulugan pati ang *SSS*, *Pag-IBIG* at *PhilHealth* mo. Iyo ang oras mo kapag tulog na si Carlie, pero kung kailangan ka pa rin niya sa gabi, I expect you to be there for her as well. We have educational books in the library, I expect you to teach her a bit.”

Natagpuan niya ang sariling tumatango. “Yes, Sir.”

“Babalik si Manang Linda sa isang buwan, pero matanda na siya. Kung magugustuhan ko ang trabaho mo, at kung desidido ka talaga, aalukin kitang maging permanenteng nanny ni Carlie kapalit ni Manang Linda.”

“Sige po, pero si Manang Linda—”

“Kung gusto pa rin niyang magtrabaho sa ’kin, dito pa rin siya. Pero kailangan na niya ng katulong kay Carlie.”

Pipi siyang tumango.

“Kung may kailangan ka, sabihin mo kay Ate Nelly.” Bitbit ang briefcase, sinulyapan nito ang bata, maikling tumango at lumabas na ng silid.

Napabuntong-hininga si Emma at napabaling kay Carlie.

May aso sila noon, noong bata pa siya. Kapag umaalis sila para pumasok sa school, lagi itong

nasa gate at parang nagmamakaawang isama nila. Ganoon ang nakita niya sa mga mata ng bata.

Hinawi niya ang ilang kulot na buhok mula sa pisngi ng paslit. “Tuloy natin ’yung tirintas?”

Ibinaling ng bata ang mabibilog nitong mga mata sa kanya at marahang tumango. Isiniksik nito ang maliit na katawan sa pagitan ng mga hita ni Emma at niyakap nang mahigpit ang pink teddy bear nito.



Chapter Two



“**M**ay balak ka bang mag-lunch?”
Nagtaas ng tingin si Dominic at bumungad sa kanya ang maaliwalas na ngiti ni Julio Sta. Maria. Tumayo siya para pormal na lumapit sa matandang lalaki pero ikinumpas nito ang kamay na parang nagbubugaw ng aso.

“Balak mong i-guilt trip ’yung secretary mo? Maawa ka kay Polly, matanda na ’yon.”

“Pinag-lunch ko na po si Mrs. Garcia kanina pang—”

Muli nitong iwinasiwas ang kamay at umupo sa guest chair sa tapat ng kanyang desk. “OC si Polly, nag-i-guilty pag nag-o-overtime ka o hindi nagla-lunch. Natatakot na maungusan mo siya bilang Employee of the Year.”

“Business partner n’yo po ako. Hindi po ako puwedeng i-nominate—”

Kinalampag nito ng baston ang sahig. “I see, wala ka pa ring sense of humor.” Pinili niyang huwag sumagot, pero tumawa ang matanda at umiling. “Kumusta?”

“Nasa fifty percent ang project natin sa La Union, matatapos na ang—”

“I read the reports you sent last weekend. I’m

not asking about that.”

Napakunot siya. Ano pala ang kinukumusta nito?

Bumuntong-hininga ang matandang may-ari ng *Sta. Maria Constructions*. “Ilang taon ka nang nagtatrabaho sa ’kin, Dom?”

“Fourteen years. Four years na part-time clerk, messenger, Boy Friday. Five years as project engineer and another five years as your business partner and COO of *Sta. Maria Constructions*.”

“Right.” Nanatili lang itong nakatitig sa kanya.

Unease trickled down Dominic’s spine. Julio Sta. Maria was a great boss and business partner. But the old man made him feel uncomfortable sometimes. He wasn’t sure why. It could be the easy smile, the heartfelt laugh, the fatherly advice. At least, tingin niya ay fatherly na matatawag ang paggabay nito sa kanya sa trabaho. Hindi siya sigurado. He was not sure how a father acted, and how a son should respond.

“To be exact, fourteen years, three months, and—”

“How is Carlie?”

Napatuwid ang likod niya nang banggitin nito ang kanyang anak. The image of the little girl’s soft brown eyes flashed through his mind.

“The temporary nanny arrived today.”

“Oh, yes, ’yung kapalit ni Linda. Ano’ng tingin mo sa kanya?”

Sa likod ng isip niya, may ibang set ng sagot na

namuo. Emma Castillo looked soft, petite, curvy and she had a generous mouth and creamy mocha skin. “She’s highly recommended. I trust Manang Linda’s personal judgment.”

“Good. Saan ang celebration bukas?”

Napakunot-noo siya. “I’m sorry?”

Bumuga ito ng hangin at impatient na tinapik ng mga darili ang desk niya. “Your birthday, Dom. It’s tomorrow.”

Nawala ang kanyang kunot. “Pinag-arrange ko si Mrs. Garcia ng catering service para sa breakfast at lunch dito sa opisina pati sa mga sites.”

“Great. I’ll bring Frances tomorrow, she’s been dying to see you,” tukoy ni Julio sa kabiyak.

Bumalik ang unease sa kanyang sikmura. Kung hindi siya sigurado kung paano magkaroon ng ama, lalong hindi niya alam kung paano magkaroon ng ina. And he was sure Mrs. Francesca Sta. Maria’s affection was very motherly. Minsan tingin niya ay gusto siya nitong sapinan sa likod para huwag siyang matuyuan ng pawis.

“Now, let’s have lunch.”

“I already had—” Isinara nito ang laptop niya.

“Hindi lunch ang sandwich. Come along, boy. I’m hungry as a bear. May bagong bukas na Italian bistro dito. Hindi nabubuhay sa sandwich at kape ang tao, Dominic.” Naglakad na ito papunta sa pinto. “Ah, nasabi ko na ba sa’yong gusto ni Frances na magtayo ng restaurant? Kaya lang gusto niya ng

kasama. Ayaw niya ng sobrang formal na chef. She wanted the place to feel homey.”

Wala siyang nagawa kundi ang tumayo at sumunod sa matanda.



“Jenny fell and scraped her knee yesterday. Her yaya put something on her wound and she cried. But we played again after her yaya put a *Band-Aid* on it. There were hearts on the *Band-Aid*. Can we get *Band-Aids* with hearts, too, Ate Emma?”

Hindi niya mabura ang ngisi habang tumatango sa bata. Parang shotgun sa bilis ang bibig nito. In fairness, matalas ang memory ni Carlie.

“Okay, mamaya na ulit ang laro, Carlie. Time for your nap.”

Itinaas ng bata ang bilugan nitong mga mata sa kanya at kumunot. For the nth time that day, gusto niyang kunan ito ng larawan. Or video. Magiging *YouTube* sensation ang bata at yayaman siya rito. Tapos mage-guest sila sa *Ellen Degeneres Show*. Baka matuturuan niya itong kumanta at sumayaw. Siya ang magiging manager ni Carlie.

Hah! Nakangisi siyang umiling sa sarili. Good luck sa kanya. Sigurado si Emma na ipapakulong siya ng poker-faced na tatay nito.

“Why do I always have to take a nap, Ate Emma?”

“It helps make you grow tall. Basta. Hahanapin ko sa internet ’yung buong explanation mamaya.”

Naghikab ito at kinusot ang mga mata. “Can we have cookies and milk for snack later? They’re my favorite. What’s your favorite food, Ate Emma?”

“Marami, Filipino dishes, konting Italian, pero gusto ko rin ng Mexican at Greek food.”

“Geek?” tanong ng bata.

“Greek,” she corrected.

“Ah. We’ll have cookies and milk later?”

“Sure. We’ll make special cookies. Do you know how to bake cookies?”

Kumunot ang noo nito at ngumuso ang mapupulang labi. Hindi niya napigilang tumili at yakapin ito nang mahigpit. Pinupog niya ito ng halik sa mukha. Tumili rin ang bata at bumungisngis.

“Ang cute-cute mo!” Bumungisngis lalo si Charlie at hinawakan siya sa magkabilang pisngi. “I’ll show you how to bake cookies later.”

Tinulungan niya itong ibalik ang mga libro sa mini-shelf sa play area ng bata. Ibinigay niya rito ang pink teddy bear at niyakap iyon ni Charlie.

“Thank you. Can we go play at the park later, too?” tanong nito. Tumango si Emma. “Jenny has a new dog. Can I have a dog, too?”

“We’ll see,” tangi niyang sabi. Kailangang ikonsulta sa *higher authority* ang issue sa pag-aalaga ng aso. Kinarga niya ang bata at dinala sa kama.

“You smell nice, Ate Emma.” Umikot ang maikli at chubby nitong mga braso sa kanyang leeg, humilig ang pisngi nito sa kanyang balikat. “Lola

Linda smells like lemons and bedsheets. Ate Nelly smells like fried chicken and hotdogs. You smell...”

Naramdaman niya ang pagkiskis ng ilong nito sa kanyang leeg at hindi niya napigil ang pagtawa. “Uh-huh?”

“Like flowers. And apples... and strawberries.”

“Lotion ko ’yon.”

“I have lotion, too. Lola Linda bought them and...” Muli itong naghikab. Nakangiti, maingat niya itong ibinaba sa kama at kinumutan. “Daddy smells like paper...” Nakapikit na ang mga mata ng paslit. “He smells like the seat in his study, too. Lola Linda said it’s made of leather. Sometimes... sometimes, I curl in his seat to smell him...”

Pinanood niya itong tuluyang makatulog. Humigpit ang yakap ni Carlie sa teddy bear nito. Posible bang mahal ang isang tao sa loob lang ng humigit-kumulang pitong oras? Sa tingin niya ay oo. Sa tingin ni Emma ay mahal na niya ang batang ito. Maingat niyang idinampi ang mga labi sa makinis na noo ng paslit. Marahan niyang isinara ang pinto paglabas niya ng silid.

Tinungo niya ang kuwartong ibinigay sa kanya, mag-aayos pa siya ng mga gamit. Inuna niya kasing asikasuhin si Carlie. Halos kasing-laki ng sariling silid niya sa bahay ang kuwarto niya sa unit ng mga Cuevas.

May tatlong silid ang hinuhulugan niyang bahay—tig-isa silang magkapatid at isa pa para sa

mga magulang nila. Mahigit twenty years pa niya iyong kailangang hulugan para maging kanila.

Ipinasok niya sa maliit na closet ang mga damit. Wala siyang masyadong dala. Pulos pambahay at ilang pantalon at blusa lang ang nasa bag ni Emma. Inilibot niya ang tingin sa paligid. May maliit na flat-screen sa isang dingding at may vanity rin sa gilid ng kama. May sarili rin siyang banyo. That was more than enough. Ni wala siyang sariling banyo sa bahay nila.

Pagkagaling sa kuwarto ay dumerecho si Emma sa living room. Nakita niya si Ate Nelly na nagliligpit ng mga damit. Umupo siya sa tapat nito at kumuha ng isang bestida ni Carlie para tiklupin.

“Ako na, okay lang,” saway ng may-edad na babae.

“Okay lang po, wala pa naman akong ginagawa.”

“Huwag mo nang ayusin ang tiklop. Paplantsahin naman ’yan bukas. Tulog si Carlie?” tanong ng babae. Tumango siya. “Madali lang alagaan ’yan. Madaldal lang minsan. Matalino, ano?”

“Tuwid nang magsalita. Magno-nosebleed na nga ako sa English.”

Tumawa si Ate Nelly at inihiwalay ang mga naka-hanger na polo sa tambak ng mga damit. “Eh, Ma’am na Ma’am ba naman si Ate Linda. Teacher ata ’yan n’un.”

“Opo, English teacher po siya. Pero retired na siya bago pa naging private tutor kina Mrs. Sta.

Maria.”

“Yung asawa ng boss ni Sir?”

“Hindi po, d’un po sa mga pamangkin ni Ma’am Frances bago pumunta ng America ang mga bata,” klaro ni Emma.

Kinuha nito ang isang pink na bedsheet at tiniklop. “Ba’t ang mga bata mahilig sa pink?”

“Hindi lang bata, Ate Nelly, kahit ako mahilig sa pink.”

“Oo nga, gusto ngang isukat ni Carlie kanina ’yung ma-glitters na pink na sapatos mo.”

“Girl na girl kasi ang pink.”

“Oo. Bagay sa mapuputi.”

“Aray.”

Tumawa ang matanda. “Bagay din naman sa ’yo. Kaya ’ata dumikit agad sa ’yo si Carlie, magkasundo kasi kayo sa favorite color. Ang cute-cute niyan pag naka-pink at yellow. Mukhang manika, ang ganda kasi ng lahi. Modelo ’yung nanay niyan.”

Hindi kinailangang magtanong ni Emma dahil nagpatuloy na ang babae sa pagsasalita.

“Nasabi na ba sa ’yo ni Ate Linda?”

Inusig siya ng konsyensya sa loob siguro ng kalahating segundo bago namayani ang kagustuhang maki-chismis. Hey, tao lang siya. Saka wala siyang balak i-chismis sa iba ang anumang malalaman niya.

“Uhm, konti po.”

“Okay lang ’yan, tayo-tayo lang naman.

Mestisahin ang nanay niyan. Parang naka-one night stand lang 'ata ni Sir o naging girlfriend din ng ilang linggo. Hindi naging seryoso. Iniwan kay Sir pagkapanganak na pagkapanganak 'tapos balik sa dating buhay 'yung babae. May asawa na rin 'ata ngayon at nasa Amerika na 'yung babae sabi ni Ate Linda.”

Tumango lang siya.

“Pina-DNA test pa 'yan ni Sir kasi hindi siya sigurado kung anak niya. Tama lang naman, di ba? N'ung positive ang labas, doon na kinuha si Ate Linda, 'tapos kinuha naman ako ni Ate Linda. Kapit-bahay namin 'yung hipag niya sa Nueva Ecija. Malalaki na 'yung mga anak ko kaya tinanggap ko na. Okay ang suweldo 'tapos walang masyadong ginagawa. Wala lagi si Sir dito. Ano ba naman ang lilinisin mo dito sa bahay, eh, hindi naman naalikabukan.”

Tumango si Emma at inilibot ang titig sa malawak na living room. Hindi nakakapasok ang alikabok sa makakapal na salaming bintana ng condo unit ng mga Cuevas.

“Ikaw, ba't ka nag-yaya? Mukhang office girl ka.”

“Nagkaproblema kasi ako sa trabaho. Na-involve sa scam 'yung dating kompanya na pinagtrabahuhan ko.”

“Pero desidido ka nang maging yaya talaga? Pangmatagalan na?”

Ipinatong niya ang pink na bestida ni Carlie sa

iba pang mga damit nito. “Hindi pa ’ko sure. Pero nag-apply akong kitchen staff sa luxury cruise ship. Mahilig po kasi akong magluto. HRM din kasi ang course ko dati, di nga lang ako nakatapos. Baka suwertehin ako, di ba?”

Tumawa ang matanda at tumango. “Malay mo nga.”



Mag-a-alas diez na nang makarating si Dominic sa bahay. Sanay na ang mga kasambahay sa routine niya. Alam ng mga ito na kumain na siya sa opisina at dederecho na siya sa kanyang silid. Hindi na siya nag-abalang buksan ang mga ilaw.

Pinuntahan niya ang silid ni Carlie. Magtatatlong taon na niyang ginagawa ito gabi-gabi, pero bawat gabi ay parang ang unang beses pa rin.

She's already asleep, paalala niya sa sarili. So just get on with it!

Binuksan niya ang pinto at pumasok sa kuwarto. Nag-angat siya ng tingin. And he froze.

Sa loob ng ilang sandali, nanatili lamang siyang nakatayo roon, pinagmamasdan ang dalawang bulto sa kama. Nakasiksik si Carlie sa dibdib ni Emma, nakayakap ang isang braso nito sa babae. Malamlam ang sinag ng lampshade sa tabi ng mga ito, tila isang naghihingalong ginintuang liwanag na humahaplos sa bata at sa dalaga. Nakakalat ang kulot na buhok ng anak niya sa pink nitong unan, gayundin ang tuwid na tuwid at itim na buhok ni Emma. Tila

kumikinang na perlas sa ilalim ng sinag ng buwan ang pisngi ng bata at tila malapot na caramel ang sa dalaga. The scene could have been taken from a fairy tale book.

And he was the big awkward monster intruding in that golden, fairy tale-like scene.

Tumalikod siya, hinagilap ang seradura ng pinto, pero nakarinig siya ng kaluskos na sinundan ng mahinang pag-ungol ng dalaga.

“Sir!” Napilitan siyang humarap. He was afraid that the noise would wake Carlie. “Ah, Sir, sorry po. Nakatulog lang po ako.”

Naka-paa si Emma sa gilid ng kama, kulay pink ang mga kuko nito. Nakasuot ito ng pambahay na shorts at maluwang na T-shirt. Her creamy skin glowed in the muted light. Her dark eyes were like liquid chocolate. Magulo ang buhok nito at mapula ang mga pisngi sa pagtulog at marahil sa hiya. Nakaawang ang mapupulang labi ng dalaga at tumataas-baba ang mahubog nitong dibdib sa paghugot nito ng hangin.

She didn't look like a fairy tale character now. He forced himself not to notice how the dim light silhouetted the soft curves of her breasts and hips. How would it feel like to cup and knead those mounds in his hands, run his thumbs over the tight peaks and...

“It's okay.” Walang lingong lumabas ng silid si Dominic.

Chapter Three



Gaano ba kahirap ang gagawin niya? Humigpit ang hawak ni Carlie sa kanyang kamay at napakurap si Emma. *Shit*. Baka na-sense ng bata ang kaba niya. Magaling daw ang bata sa mga ganoon. Ipinilig niya ang ulo at pinuwersa ang sarili na pumasok sa dining.

“Ah, Sir?” simula niya. Nagtaas ng tingin si Dominic mula sa binabasa nitong dyaryo. Nagtago si Carlie sa kanyang likuran. Naalala niya ang matiim na konsentrasyon ng bata habang naglalagay ito ng blue glitters sa iginuhit nitong necktie kahapon. “Good morning po. May ibibigay po sa inyo si Carlie.” Nilingon niya ang bata at marahan itong hinawakan sa ulo. “Go on, Carlie, give it to your daddy.”

The child looked up at Emma, a mixture of hope and nervousness swimming in her big brown eyes. Parang may kumurot sa dibdib niya. Nakangiti niyang hinaplos ang kulot nitong buhok.

Tumango ito at makinang ang mga mata na lumapit sa ama. Huminto ito nang halos dalawang talampakan na lamang ang layo mula kay Dominic. Itinaas ni Carlie ang chubby nitong mga kamay para iabot sa daddy nito ang isang asul na card.

“Ha... Happy birthday, Daddy.”

Pakiramdam ni Emma ay stage mom siya at unang linya iyon ng anak niya sa pelikula. Malawak siyang ngumiti at itinaas ang titig kay Dominic. Pero napalis iyon nang makita niya ang ekspresyon ng lalaki. O siguro mas tamang sabihing ang kawalan ng ekspresyon nito.

Parang piraso ng furniture lang ang tinitingnan nito. Kinuha nito ang card at tumango. “Thank you.”

Tumayo si Dominic, tiniklop ang dyaryo at tinungo ang opisina nito.

Hindi alam ni Emma kung ano ang nararamdaman niya. Parang nanlalamig siya na nag-iinit. The bastard didn't even look at the card! Humakbang siya para sundan ito pero narinig niya ang pagsinghot ng bata. Para iyong asido sa kanyang sikmura. Lumuhod siya at hinawakan si Carlie sa balikat para iharap ito sa sarili.

Nanginginig ang mga labi nito, namumula ang mga mata at mga pisngi. “It's okay,” Emma said.

Mahigpit nitong niyakap ang pink teddy bear nito na si Betsy.

Hinagkan ni Emma ang bata sa noo at kinarga ito papunta sa kitchen. Pagdating doon, maingat niya itong iniupo sa high chair nito.

“Ate Nelly, pakibigyan po muna ng almusal si Carlie at pabantay lang muna.” Lumabas na siya bago pa makasagot ang kasambahay.

Akmang kakatok siya sa pinto ng study nang bumukas iyon.

“What is it?” Lumabas ng silid si Dominic at isinara ang pinto. Ngayon lang siya naging ganito kalapit sa daddy ni Carlie at nanuot sa ilong niya ang samyo nito. Pupusta siyang natural na amoy nitong iyon: cold, arrogant, heartless.

“It’s your birthday, Sir.”

“I know.” Humakbang na ito, tinatahak ang direksyon palabas ng bahay.

Kinailangan niyang bilisan ang hakbang para maabutan ang malalaking hakbang ni Dominic.

“Gusto pong mag-bake ni Carlie ng cake mamaya para sa birthday n’yo. Sana po makauwi kayo nang maaga.”

Ni hindi bumagal ang paglakad nito. “Hindi puwede.”

Inunahan niya ito sa paghawak sa knob ng main door bago pa mapihit iyon ng lalaki. “Importante po talaga ’yon sa kanya. Excited po siyang mag-bake ng cake para sa inyo. Kahit mga eight na po, sana makarating kayo.”

Inihanda ni Emma ang sarili sa galit nito. Isang araw pa lang siya sa trabaho at feeling niya ay may karapatan na siyang diktahan ang relasyon ng amo sa anak nito? Echosera siya.

Pero tumango lang ang lalaki at tinaasan ng kilay ang kamay niyang nasa seradura. “I’ll see what I can do,” he said.

She took her hand away from the knob. Somehow, his cool, calm words were worse than anger. Matagal na itong nakaalis ay nakatayo pa rin siya roon.



“Daddy likes chocolate cakes. Uhm, he doesn’t really like cakes. I like strawberry shortcake. Ate Emma, can we watch *Frozen* after this?”

Tumango siya at pinunasan ng tissue ang icing sa pisngi ni Carlie.

“Can you read me *Alice in Wonderland* tomorrow? I don’t want to read this afternoon. I want to sleep long so I can wait for Daddy tonight. He will be home early, right, Ate Emma?”

Shit. Mali yatang sinabi ni Emma sa bata na susubukang umuwi nang maaga ng daddy nito. Paano na kung hindi mag-effort ang lalaking iyon? Ano ang sasabihin niya kay Carlie?

“He said he’ll try.”

Nanakit ang dibdib niya sa malapad na pagngiti ng bata. Parang gusto niyang sumugod sa kuwarto ng boss niya at kumuha ng hibla ng buhok nito sa suklay nito. Ikakabit niya iyon sa manika at tutusuk-tusukin ng karayom mamayang gabi.

“Let’s put this in the fridge, Ate Emma. Then let’s watch *Frozen*! Jenny can watch with us, right? Can we call her? We like to sing together. *Let it go! Let it go! Slam that door!*” Pumalakpak ito at tumaluntalon habang inilalagay niya sa ref ang chocolate

cake.

Hindi nila iyon tinikman pero alam niyang parang piraso iyon ng langit. Walang halong yabang, pero magaling siyang mag-bake at magluto. Seven pa lang si Emma ay assistant na siya ng mama niya sa kusina. Kapag may mga okasyon sa pamilya nila, siya lagi ang chef.

“Then can we watch *Frozen* tomorrow again? *Elsa* and *Anna* are so pretty. I wish they wear pink. I like pink. Can I use your pink comb again, Ate Emma?”

“Sure, Baby.”

Hinagilap nito ang kamay niya at hinila siya papunta sa living room. “Are there pink daisies, Ate Emma? I like daisies. Jenny’s mommy has daisies on the rooftop—yellow, white and green. There are roses, too! But daisies are cuter. Can we see their flowers tomorrow?”

“Sige, pero kailangan masaulo mo muna ’yung natitirang letters sa alphabet.”

“Okay. Let’s call Jenny now!”

Nakangiti niyang inabot ang phone para tawagan ang nanny ng best friend ni Carlie. Matapos ang tawag, umupo siya sa tabi ng paslit at sinuklay ang kulot nitong buhok habang hinihintay nila si Jenny at ang yaya nito.

“Ate Nelly!” tili ng bata. “Let’s watch *Frozen*!”

“Kayo na lang.” May dalang mga tuwalya at punda ng unan ang babae. “Masasaulo ko na ’yang

mga dialogue d'yan.”

Tumawa siya at umiling. “Mukhang ito lang ang alam nitong panoorin.”

“Kakanta ka na rin ng *Let it go, Let it go* mamaya.” Umiling ang matanda at iniwan na sila.

“Daddy doesn't like *Frozen*.”

Napatitig si Emma sa bata. Nakasiksik ito sa gilid niya habang yakap ang teddy bear nito. “Why do you say that?”

“He won't watch it with me.”

Bumuka ang bibig ng dalaga pero sumara lang ulit. Hindi makakatulong kung magsisinungaling siya sa bata para lang pagaanin ang loob nito. Pinigilan niya ang sariling umungol at sabunungan ang buhok. Damn, hindi niya akalaing hindi pala ang pagliligpit ng kalat ang mahirap na parte sa pag-aalaga ng bata.

Dumating sina Jenny at ang yaya nito. Sama-sama na silang nag-merienda pagkatapos manood ng *DVD*. Parang nadagdagan ng speed ang bibig ni Carlie sa pagdaldal nito. Talon din ito nang talon habang nagkukuwento kay Jenny.

“It's Daddy's birthday today! We baked cake! Chocolate cake! I'll give you some tomorrow. We'll show it to Daddy first. Let's go play in the park tomorrow!”

Halos hindi ito makatulog nang hapon na iyon sa excitement nito. Ganoon si Carlie hanggang hapunan. Para itong kiti-kiti na hindi mapakali sa

upuan. Hindi yata dapat chocolate ang flavor ng cake na ginawa nila. Baka lalong maging hyper ang bata.

Matapos ang hot bath nito, binihisan niya ito ng pantulog at hinintay nila ang daddy nito sa living room.

“Don’t let me fall asleep, Ate Emma.” Sumiksik ito sa kanya sa sofa. “I want to wait for Daddy.”

Hindi niya pinansin ang malamig na kaba sa kanyang sikmura. “We’ll wait for him together.”

“Can you read me *Alice in Wonderland*?”

Inabot niya ang libro at sinimulang basahan ito. Sinulyapan ni Emma ang relos sa dingding. Alas siete y media na. Bumangga ang noo ng bata sa kanyang dibdib pagkaraan ng dalawampung minuto pero agad din itong dumerecho.

“I’m awake!” Pinalaki nito ang pagkakamulat ng mga mata.

Pasado alas-ocho. Hinaplos niya ang buhok ng bata at ipinagpatuloy ang pagbabasa. Pagdating ng alas nueve, sunud-sunod na ang pagbunggo ng ulo ni Carlie sa dibdib niya.

“I’m not asleep...” Pero halatang mabigat na ang talukap ng mga mata nito. Maingat niyang kinarga si Carlie at dinala sa silid nito. “No...”

“Shh. Sleep, Carlie. It’s late.” “Daddy, Daddy...”

“We’ll give him the cake tomorrow.”

Nanginig ang mga labi nito at umapaw ang luha sa bilugan nitong mga mata. Sumubsob ito

sa kanyang leeg at pumulupot ang mabilog nitong mga braso sa kanya. Agad nabasa ng mainit na luha nito ang kanyang balat. Parang may mga pako na bumabaon sa kanyang dibdib.

Pagkahiga nila sa kama, sumiksik si Carlie sa kanya at yumakap nang mahigpit.

“Daddy doesn’t love me. Why doesn’t he love me, Ate Emma?”

Hindi niya magawang sumagot. Hindi niya alam kung paano. How could someone not love this sweet little girl? Niyakap din ni Emma ang bata at paulit-ulit na hinaplos ang buhok nito. Hindi nito magawang umiyak nang malakas na para bang natatakot itong may makarinig dito. Lalo niyong pinatindi ang sakit sa kanyang dibdib.

“Don’t tell Daddy I cried. I’ll be good. Maybe he’ll love me if I’m good...”

Sapat iyon para mag-init din ang mga mata niya. “You’re not just good, Carlie. You’re perfect, just perfect.” Hinagkan niya ang ulo nito.

Nang mahimbing na ito, maingat niyang kinalas ang yakap ng bata. Namumula ang talukap ng mga mata nito, gayundin ang ilong at mga pisngi. The baby angel cried herself to sleep.

Gusto niyang i-castrate ang tatay nito gamit ang kanyang pink floral nail file.

“Bastard,” she muttered after leaving the room.

Umupo siya sa sofa na kaharap ng pinto ng unit. Ramdam pa rin niya ang luha ng bata sa kanyang

leeg, ang panginginig ng maliit nitong katawan. Parang naririnig pa niya ang impit nitong pag-iyak. Muling nag-init ang sarili niyang mga mata at marahas niyang kinusot ang mga iyon.

“Bastard,” asik ulit ni Emma.

Ala una y media nang makita niya ang pagpihit ng seradura. Tumayo siya, hinihintay sadya ang nasa likod ng pinto. Natigilan ang lalaki pagkapasok na pagkapasok. Confusion clouded his eyes for a moment before it turned into cold indifference. Even his tall muscular frame exuded coldness.

“It’s late, Miss Castillo. Don’t tell me katutulog lang ng anak ko kaya gising ka pa.”

It was the mention of the child in his distant tone that ignited the fury Emma was trying to suppress.

“What the f*ck’s wrong with you?” Pinigilan niya ang sariling isigaw iyon. Malalaking hakbang siyang lumapit dito at muntikan nang duruin ito. “Gaano ba kahirap umuwi nang maaga? Isang beses lang naman sa isang taon. Alam mo ba kung gaano nagpilit ang *anak mo* na hintayin ka?”

Nanatiling nakatayo lang doon si Dominic, isang diyos na gawa sa bloke ng yelo. Lalong nag-init ang bumbunan niya.

“Alam mong maghihintay siya. Alam mong hinihintay ka niya. Ano ba naman ’yung isang araw na umuwi ka nang maaga?”

Nilagpasan siya nito para tunguhin ang sariling

silid. “We’ll talk tomorrow—”

Muntikan na niyang tadyakan ito sa likod ng tuhod. “Kailan? Pagkaalis mo?”

“I suggest you lower your voice and control yourself—”

“You don’t deserve her.”

Tumigil ito sa paghakbang, pero hindi siya nilingon.

Sinunog ng galit ang kanyang dibdib, pinagbaga ang kanyang tinig. “Hindi ko alam kung ano’ng problema mo, pero ’wag mong idamay ’yung bata. Hinintay ka niya hanggang nine o’clock. Excited na excited siya para sa pagdating mo ’tapos wala ka naman palang balak magpakita. Halos kurutin niya ang pisngi niya para lang huwag makatulog. Tinanong niya ’ko kung bakit hindi mo siya mahal at hindi ko alam kung ano’ng isasagot ko kasi hindi ko rin maintindihan kung bakit may tatay na halos hindi man lang tingnan ang anak niya. Hindi ko maintindihan kung bakit may ama na mananadyang magpagabi ng uwi para lang hindi makita ang kanyang anak. You’re a bastard.”

“You’re overstepping your bounds, Miss Castillo.”

Marahas siyang tumawa at di-makapaniwalang umiling. “Wow, Sir, ano po ba kayo? Gawa sa bato? ’Yan lang ang comment mo? I’m overstepping my bounds? Ni hindi mo man lang kayang magalit sa ganitong sitwasyon? Bakit? It’s not worth your time? I’m not worth your time? She’s not worth your time?”

Wow, yelo ba ang dugo mo?”

Hinarap siya nito at muntikan siyang mapaatras sa tila yelo nitong mga mata. “You don’t know anything.”

Humakbang siya palapit kay Dominic, walang planong magpasindak sa arctic nitong titig. “I know enough. Dalawang araw lang, Sir, dalawang araw pa lang ako dito pero nakita ko na kung paano kayo sa anak n’yo. You don’t even look at her. You act as if she’s not there at all! Alam mo ba kung gaano kasakit ’yon sa kanya? She thinks you don’t love her because she’s not good enough. She tries to be this perfect little girl because she wants you to notice her. Ni hindi siya makaiyak nang malakas kasi natatakot siyang baka malaman mo at magalit ka. How dare you do that to her! How dare you!”

Hinagilap nito ang kamay niya at saka lang namalayan ni Emma dinuduro na niya ang dibdib ng amo. “You’re right, two days ka pa lang dito. At hindi sapat ’yon para malaman mo ang buong buhay namin. That’s my child we’re talking about, Miss Castillo. Sino ka para sabihan ako kung ano ang hindi ko alam tungkol sa kanya? Tingin mo alam mo na ang lahat dahil lang inalagaan mo siya ng dalawang araw? I’ve been with her for almost three years. You have no right to assume you know me or my kid, because you don’t.”

Damn her if she would let him intimidate her now. “Sigurado akong mas marami akong alam sa

kanya kaysa sa 'yo. I bet you don't know her favorite flower, her favorite color, her favorite food, her favorite movie. Malamang hindi mo rin alam ang pangalan ng pink teddy bear niya. Get a f*cking psychologist, Mr. Cuevas. Huwag mong parusahan ang anak mo sa emotional baggage mo.”

Marahas niyang binawi ang kamay mula rito at padabog na tinungo ang kanyang silid.

